Kuwento

Nanook

Tumalon ang balyena mula sa tubig. “Sino ka?” tinanong ni Nanook.

“Ako si Beluga,” ang sabi ng balyena.

“Ako rin ba si Beluga?” tinanong ni Nanook.

“Pareho tayong kulay puti, pero hindi ka si Beluga,” ang sabi ng balyena.

Hinipan si Nanook ng malamig na hangin na nanggaling sa yelo. “Sino ka?” tinanong ni Nanook.

“Ako ang Hangin sa Hilaga,” ang sabi ng malamig na hangin.

‘Malakas ka. Ako rin ba ang Hangin sa Hilaga?” tinanong ni Nanook.

“Magiging malakas ka rin pagdating ng panahon,” ang sabi ng malamig na hangin. “Pero hindi ikaw ang Hangin sa Hilaga.”

Nagpadulas ang isang hayop sa yelo papasok sa dagat ng Arctic.

“Sino ka?” tinanong ni Nanook. “Ako si Walrus,” ang sabi ng hayop.

“Mahusay kang lumangoy. Ako rin ba si Walrus?” tinanong ni Nanook.

“Pareho tayong mahusay lumangoy,” ang sabi ng hayop. “Pero hindi ikaw si Walrus.”

Nagkaroon ng berde at kulay-rosas na mga kulay ang kalangitan sa gabi.

“Sino ka?” tinanong ni Nanook.

“Kami ang Northern Lights -- Mga Ilaw sa Hilaga,” ang sabi ng mga kulay.

“Maganda ka. Ako rin ba ang Northern Lights?” tinanong ni Nanook.

“Maganda ka,” ang sabi ng mga kulay. “Pero hindi ikaw ang Northern Lights.”

“Chuff, chuff, chuff, “ tinawag ng Mama si Nanook.

“Sino ako?” Tinanong ni Nanook si Mama.

“Ikaw ay maraming bagay. Pero higit sa lahat, minamahal ka,” ang sabi ni Mama.

Bumaluktot si Nanook sa malambot na balahibo ni Mama at humuni ng katulad ng lahat ng batang polar bear kapag sila ay masaya.

Glossary *(Mga Depinisyon ng Mga Salita sa Kuwento)*

Beluga: Maliit na balyena na nakatira sa Karagatan ng Arctic.

Bumaluktot: Bumaluktot sa isang mainit-init at komportableng lugar.

Chuff: Isang matining at karaniwang umiihip na tunog.

Dumulas: Gumalaw nang dahan-dahan sa ibabaw ng isang bagay.

Huni: Ang gumawa ng mababa at nakapirming tunog habang nakatikom ang iyong mga labi.

Northern lights o Mga ilaw sa hilaga: Makulay at nagsasayaw na mga ilaw na lumalabas minsan sa kalangitan sa ibabaw ng North Pole.

Mga Elemento ng isang Kuwento

Mga Elemento ng Kuwento: Ang mga bahagi ng kuwento na pinagsama-sama para makumpleto ito. Kasama sa mga elemento ng kuwento ang tauhan, lugar na pinangyarihan, at pangyayari.

Tauhan: Ang mga tao o mga hayop sa kuwento.

Pinagtutunggalian: Ang problema sa kuwento na kailangang tugunan o ayusin.

Pangyayari: Kung ano ang nangyayari sa kuwento.

Lugar na pinangyarihan: Saan at kung kailan nangyari ang kuwento.

Tema: Pangunahing ideya ng isang kuwento.